| | |
|---|---|
| JANUARY | Makugihon |
| FEBRUARY | Mahigugmaon |
| MARCH | Matinabangon |
| APRIL | Matinahuron |
| MAY | Mahapsay og Malimpyo |
| JUNE | Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras |
| JULY | Maantigo og Maabilidad |
| AUGUST | Maginhunahunaon para sa Uban |
| SEPTEMBER | Madaginoton |
| OCTOBER | Matinud-anon |
| NOVEMBER | Masaligan |
| DECEMBER | Maalampuon |


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**


# 3

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikatatlong Markahan- Modyul 5: Mga Kaisipang Sumusuporta sa Pangunahing Kaisipan



Pangalan: ________________________________________

Baitang/Seksyon:___________________________________

Paaralan: ________________________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Anelita A. Bulay-og

**Editor:** Lindo O. Adasa Jr.

**Tagasuri:** .Anelita A. Bulay-og
Julieta H. Tibon
Roderick R. Luna

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan**: Edgardo Jamiliar Jr.

**Tagalapat:** Peter Alavanza

**Tagapamahala:** Felix Romy A. Triambulo CESO V
Oliver B. Talaoc, Ed. D
Ella Grace M. Tagupa, Ed. D
Jephone P. Yorong, Ed. D
Lindo O. Adasa Jr



# Alamin

Pagkatapos mong maisagawa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang makapagbibigay ng mga sumusuportang kaisipan sa pangunahing kaisipan sa tekstong binasa.(**F3B-IIie-11.2)**



# Balikan

**Panuto:** Palitan at dagdagan sa una o huling pantig ang mga nakalistang salita upang makabuo ng bagong salita.

| | Pinalitan | Dinagdagan |
|---|---|---|
| 1. laso | | |
| 2. lawa | | |
| 3. mali | | |
| 4. bala | | |
| 5. daga | | |

| Aralin 5 | Mga Sumusuportang Kaisipan sa Pangunahing Kaisipan |
|---|---|



# Tuklasin

Basahin ang nasa loob ng kahon at sagutin ang mga tanong sa ibaba.

**Ang Batang may "K"**

Maagang naulila ang batang si Kristine. Namatay sa aksidente ang kaniyang mga magulang. Kinupkop siya ng Deparment of Social Welfare and Development matapos ang aksidente.

Hindi pa siya nagtatagal sa bahay-ampunan, may mag-asawang dumating at nais siyang ampunin. Inayos kaagad ang kaniyang mga papeles at hindi nagtagal nakauwi siya sa bahay nina G. at Gng. Robles

Itinuring siyang tunay na anak ng mag-asawa. Inaalagaan nang maayos. Pinapasok sa magandang eskwelahan. Higit sa lahat,binigyan siya ng isang mapagmahal na pamilya at pangalang Kristine Robles

[1]Batang Pinoy Ako,Unang Edisyon,(2014) page106

1. Ano ang paksa ng kwento:

2. Ano ang pangungusap na nagsasabi ng pangunahing kaisipan?

3.Ano-ano ang mga pangungusap na sumusuporta sa pangunahing kaisipan?



# Suriin

Taglay ng pangunahing paksa o kaisipan ang mensaheng nais iparating ng isang tekstong binasa. Ito ay nakapaloob sa isang pangungusap na tinatawag na paksang pangungusap. Sumasagot ito sa tanong na :"Tungkol saan ang talata? O Ano ang paksa o mensaheng nais ipaabot ng talata? Makikita ito sa unahan, gitna o sa hulihan samantala ang mga sumusuportang kaisipan naman ang nagbibigay linaw sa mensahe o nagsasaad ng mga detalye upang higit itong maunawaan ng mga mambabasa

Hal.

**Pangunahing Paksa**: Si Kristine ang batang ulila

**Sumusuportang kaisipan:**

- Namatay sa aksidente ang kaniyang mga magulang
- Kinupkop siya ng Department of Social Welfare and Development

**Pangunahing kaisipan**: Si Kristine sa bago niyang pamilya

**Sumusuportang kaisipan:**

- Itinuturing siyang tunay na anak
- Inaalagaan siya nang maayos
- Pinapasok siya sa magandang eskwelahan
- Binigyan siya ng pangalan



# Pagyamanin

**Panuto:** Basahin ang teksto at pagkatapos isulat ang mga sumusuportang kaisipan sa ibinigay na pangunahing kaisipan

Ang mga Pilipino ay may malaking pagpapahalaga sa edukasyon. Bawat magulang ay nagnanais na makapag-aral ang mga anak. Naniniwala sila na ang edukasyon ang pinakamagandang pamana ng mga magulang sa kanilang mga anak. Sinisikap nilang makapag-aral ang mga anak kahit anong hirap. Maraming magulang ang matiyagang nagtatrabaho upang mapabuti ang edukasyon ng mga bata.

Pangunahing Kaisipan: Para sa magulang, mahalaga ang edukasyon ng mga anak

Mga sumusuportang kaisipan:

a________________________________________

b________________________________________

c________________________________________

[2] Kto12 Curriculum, Lovely Aragon,(2015) Edition page 305



# Gawain

**Panuto:** Basahin ang teksto at punan ang organizer ng mga sumusuportang kaisipan batay sa ibinigay na pangunahing kaisipan.

May mataas na paggalang ang mga Pilipino sa mga nakatatanda. Marunong silang makinig sa mga utos at payo.Tumalima sila sa mga patakaran sa kanilang paligid, at higit sa lahat, marunong silang magpasalamat sa anumang

bagay sa kanilang paligid, at ito ay dahil ang mga Pilipino ay likas sa pagkakaroon ng mabuting asal.

[3]K to 12 Curriculum,Lovely Aragon, (2015) Edition page 306

Pangunahing Kaisipan

Ang Mga Mabubuting Asal ng mga Pilipino

| Sumusuportang kaisipan | Sumusuportang kaisipan | Sumusuportang kaisipan | Sumusuportang kaisipan |
|---|---|---|---|
| | | | |



# Isaisip

Ang1. ________________ay isang mensaheng nais ipaabot sa isang talata. Makikita ito sa 2.__________3,__________4,__________. Samantalang ang 5 _______________ang siyang nagbibigay linaw sa mensahe o nagsasaad ng mga detalye upang higit itong mauunawaan.



# Tayahin

**I. Panuto:** Basahin ang teksto at sagutin ang mga tanong sa ibaba.

Naglunsad ng mga programa at proyekto ang pamahalaan upang mapangalagaan ang ating dagat at karagatan. Ipinagbawal sa mga mangingisda ang paggamit ng dinamita at paglagay ng lason sa tubig. May ilan ding uri ng isda na bawal nang hulihin dahil sa unti-unti na itong nauubos. Hinuhuli rin ang mga kumukuha ng korales kung saan nagingitlog ang ilang isda. May itinalaga ang ating ating pamahalaan para bantayan at hulihin sinumang lalabag dito.

Piliin ang titik ng tamang sagot.Isulat ito sa inyong sagutang papel.

1. Ano ang paksa ng binasa mo?
   A. Mga programa at proyekto ng pamahalaan sa pangangalaga sa katubigan
   B. Mga programa at proyekto ng barangay upang mapangalagaan ang kapaligiran
   C. Mga programa at proyekto ng pamahalaan upang makatulong sa mga mahihirap
2. Alin sa mga sumusunod ang pangunahing kaisipan ng binasa?
   A. Paglunsad ng pamahalaan ng mga proyekto at programa para sa pangangalaga ng katubigan
   B. Panghuhuli sa mga sinumang lumabag sa batas
   C. Paggamit ng dinamita at paglagay ng lason sa katubigan
3. Alin dito ang kaisipang sumusuporta sa pangunahing kaisipang"Pangangalaga sa tubig at karagatan"
   A. Paggamit ng dinamita at paglagay ng lason sa tubig
   B. Huwag itapn ang mga basura sa katubigan
   C. Pangunguha ng mga korales na pinangingitlogan ng mga isda
4. Ang mga sumusunod ay mga detalyeng sumusuporta sa pangunahing kaisipan na "Paglunsad ng proyekto at prorama sa pangangalaga sa katubigan" MALIBAN sa isa
   A. Hinuhuli ang sinumang kumukuha ng mga korales na pinangingitlogan ng mga isda
   B. Ipinagbabawal ang paggamit ng dinamita sa panghuli ng mga isda
   C. Bibigyan ng gantimpala ang lumabag sa mga panuntunan ng pamahalaan
5. Bilang isang batang katulad mo, paano mo mapanatiling malinis ang ating mga katubigan?
   A. Itapon ang mga basura sa ilog
   B. Putulin ang mga kahoy na tumutubo sa dagat
   C. Huwag itapon ang mga dumi sa mga katibigan
   D.

# Karagdagang Gawain

Sumulat ng tatlo o apat na pangungusap na sumusuporta sa pangunahing kaisipan na: "**Mahalaga ang kalinisan upang maiwasan ang Covid-19 pandemic"**

Rubrik sa paggawa

| Pamantayan | 5 | 3 | 1 |
|---|---|---|---|
| Kumpleto at malinaw ang sumusuportang kaisipan | | | |
| May isang sumusuportang kaisipan na walang kaugnayan sa pangunahing kaisipan | | | |
| Hindi malinaw ang mga detalyeng sumusuporta sa pangunahing kaisipan | | | |



# Susi sa Pagwawasto

Isaisip

1. Pangunahing kaisipan
2. unahan
3. gitna
4. hulihan
5. Sumusuportang kaisipan

Tayahin

1. A
2. A
3. B
4. C
5. C

**Gawain**

1. mataas na paggalang sa mga nakakatanda
2. Makinig sa mga utos at payo
3. Tumalima sa mga patakaran at tuntunin sa paligid
4. Marunong magpasalamat sa anumang bagay

Balikan

Pagyamanin

1. ) bawat magulang ay nagnais na makapag-aral ang mga anak
2. Edukasyon ang pinakamagandang pamana
3. Nagsusumikap sila upang makapag-aral ang mga anak
4. Nagtatrabaho upang mapabuti ang edukasyon ng mga bata

## *Sanggunian:*


Lovely Aragon (2015) K to 12 Curriculum pp. 305-306

Batang Pinoy Ako, Unang Edition(2015) pp. 106

Batang Pinoy Ako, Unang Edition(2014) pp. 106

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.